


Rekord ng Bakuna Laban sa COVID-19

Pagpapakita ng Katibayan ng Katayuan na Ganap nang Nabakunahan sa California



Muling nagbukas ang California noong Hunyo 15, at maraming restriksyon ang inalis, gaya ng mga iniaatas na mga limitasyon sa kapasidad at pisikal na pakikipagdistansya. Sa ilang pagkakataon, maaaring atasan ang mga taga-California na magpakita ng katibayan ng pagiging ganap na nabakunahan.¹

Paano ko mapapatunayan ang aking katayuan ng pagpapakuna?

Kapag nakatanggap ka ng bakuna laban sa COVID-19, ang tagapagkaloob ng iyong bakuna ay magbibigay sa iyo ng orihinal na *Centers for Disease Control & Prevention (CDC) Vaccination Record Card*.

Nakasulat sa card na ito ang buo mong pangalan, petsa ng kapanganakan, uri ng bakunang ibinigay, lot number, petsa ng huling dosis na itinurok, at lugar kung saan ibinigay ang iyong bakuna.

Narito ang mga paraan para mapatunayan ang iyong katayuan ng pagbabakuna:

- Orihinal na *COVID-19 Vaccination Record Card*
- Litrato ng iyong *Vaccination Record Card*
- Papel na kopya ng iyong *Vaccination Record Card*
- Litrato ng iyong *Vaccination Record Card* na nasa iyong cell phone o iba pang elektronikong device
- Kopya ng Rekord ng Pagbabakuna mula sa iyong healthcare provider
- [Digital COVID-19 Vaccine Record](#) (DCVR)
Makukuha sa DCVR portal ang mga rekord ng bakuna laban sa COVID-19 mula sa mga sistema ng pagbabakuna ng California. Pinahihintulutan ka nitong i-access at i-download ang digital na kopya ng iyong rekord ng bakuna laban sa COVID-19.



Makipag-ugnay sa tagapagkaloob ng iyong bakuna para sa mga kopya ng Rekord ng Bakuna Laban sa COVID-19.

- Para sa karamihan sa pagbabakunang pinangangasiwaan sa California, ang data ng bakuna ay inilalagay sa Immunization Information System ng California (tinatawag ding [CA Immunization Registry2](#) o CAIR2). Maaaring humiling ng kopya ng iyong rekord mula sa CAIR2 sa pamamagitan ng telepono, email, o [online form](#).
- Kung nabakunahan ka sa pamamagitan ng iyong healthcare provider, maaari kang humiling ng mga kopya ng iyong Rekord ng Bakuna Laban sa COVID-19 mula sa provider.
- Kung nakatanggap ka ng bakuna laban sa COVID-19 sa pederal na pasilidad (gaya ng Department of Defense, Indian Health Services, o Veterans Affairs), kakailanganin mong humiling rekord ng bakuna mula sa pasilidad na iy on nang direkta. Hindi isinusumite ang impormasyon sa o nakadokumento sa California Immunization Registry2 (CAIR2).

Mga Tanong?

Kung mayroon kang anumang mga katanungan, mangyaring bumisita sa [COVID-19VaccineRecord \(ca.gov\)](#)

¹Ang mga tao ay itinuturing na ganap nang nabakunahan ng 2 linggo pagkatapos ng pangalawa niyang dosis sa seryeng pandalawahang dosis, gaya ng mga bakunang Pfizer o Moderna, o 2 linggo pagkatapos ng pang-isahang dosis na bakuna, gaya ng bakunang J & J. Ang bakuna ay dapat awtorisahan ng Food and Drug Administration (FDA) o World Health Organization (WHO).



**ALAMEDA COUNTY HEALTH CARE SERVICES AGENCY
PUBLIC HEALTH DEPARTMENT**

Colleen Chawla – Agency Director
Kimi Watkins-Tartt – Director
Nicholas Moss, MD – Health Officer

Contact

Public Health Department:
(510) 267-8000 Main Line

COVID-19 Information:
(510) 268-2101

www.acphd.org